# ARALIN 31

1. Matapos pamunuan ng Diyos ang mga Israelita palabas ng Ehipto, sa anong lupain dadalhin ng Diyos ang mga Israelita?
-Pabalik sa lupain ng Canaan.

2. Paano pinamunuan ng Diyos ang mga Israelita sa araw?
-Sa pamamagitan ng ulap.

3. Paano pinangunahan ng Diyos ang mga Israelita sa gabi?
-Sa pamamagitan ng apoy.

4. Bakit dinala ng Diyos ang mga Israelita sa gilid ng Dagat na Pula?
-Nais ng Diyos na ipakita kapwa sa mga Ehipsiyo at sa mga Israelita na Siya lamang ang Diyos.

5. Ano ang ginawa ng mga Israelita nang makita nilang dumarating si Faraon at ang kanyang hukbo upang hulihin silang muli?
-Sinisi ng mga Israelita si Moises, at sinabi na sila sana ay manatili na lamang sa Ehipto.

6. Nailigtas ba ng mga Israelita ang kanilang sarili?
-Hindi.

7. Bakit hindi nailigtas ng mga Israelita ang kanilang sarili?
-Dahil ang Dagat na Pula ay nasa harapan nila, ang mga bundok ay nasa magkabilang gilid nila, at si Faraon at ang kanyang hukbo ay nasa likuran nila.

8. Sino ang tangi at nag-i-Isa na nakapagligtas sa mga Israelita?



-Ang Diyos.

9. Bakit hindi naging mahirap para sa Diyos na hatiin ang Dagat na Pula?
-Dahil nilikha ng Diyos ang Dagat na Pula.
-Dahil ang Diyos ang Panginoon ng lahat ng dagat.
-Dahil ang Diyos ay makapangyarihan sa lahat, at kayang gawin ang lahat.

10. Dahil si Faraon at ang kanyang hukbo ay darating upang hulihing muli ang mga Israelita, ano ang ginawa ng Diyos upang protektahan ang mga Israelita?
-Naglagay ang Diyos ng ulap sa pagitan ng mga Israelita at ng hukbo ni Faraon.
-Nagliwanag ang ulap para sa mga Israelita at nagdilim kay Faraon at sa kanyang hukbo.

11. Ano ang ginawa ng Diyos matapos sundan ni Faraon at ng kanyang hukbo ang mga Israelita sa Dagat na Pula?
-Nilunod ng Diyos si Faraon at ang kanyang hukbo sa Dagat na Pula.

12. Bakit pinrotektahan ng Diyos ang mga Israelita?
-Dahil ipinangako ng Diyos na ipadadala niya ang Tagapagligtas sa pamamagitan ni Abraham at ng mga Israelita.
-Dahil nais din ng Diyos na ipadala ang Kanyang Bibliya sa pamamagitan ni Abraham at sa mga Israelita.

-Pagkatapos lipulin ng Diyos si Faraon at ang kanyang hukbo sa Dagat na Pula, saan dinala ng Diyos ang mga Israelita?

-Sa disyerto.

-Ano ang disyerto?
-Ang disyerto ay isang lupain kung saan ay puro buhangin lamang.

-Halos walang lupa sa disyerto.
-Halos walang damo sa disyerto.
-Halos walang puno sa disyerto.

-Buhanginan lamang sa disyerto.

-Habang pinangungunahan ng Diyos ang mga Israelita sa disyerto, ano ang ginawa ng mga Israelita?

Basahin natin ang Exodo 16:1-3

1-Sila'y naglakbay mula sa Elim, at ang buong kapulungan ng bayan ng Israel ay dumating sa ilang ng Sin na nasa pagitan ng Elim at Sinai, nang ikalabinlimang araw ng ikalawang buwan, pagkatapos na sila'y umalis sa lupain ng Ehipto.
2-Nagreklamo ang buong kapulungan ng bayan ng Israel laban kina Moises at Aaron sa ilang.
3-Sinabi ng mga anak ni Israel sa kanila, "Namatay na sana kami sa pamamagitan ng kamay ng Panginoon sa lupain ng Ehipto, nang kami ay maupo sa tabi ng mga palayok ng karne at kumain ng tinapay hanggang sa mabusog; Sapagkat kami ay inyong dinala sa ilang na ito upang patayin sa gutom ang buong kapulungang ito."

-Pinuna ng mga Israelita sina Moises at Aaron.

-Bakit pinuna ng mga Israelita sina Moises at Aaron?
-Dahil wala silang pagkain.



-Bakit walang pagkain ang mga Israelita?
-Dahil walang pagkain sa disyerto.

-Buhangin lamang ang mayroon sa disyerto.

-Nakahanap ba si Moises ng pagkain para sa mga Israelita sa disyerto?
-Hindi.

-Bakit hindi nakahanap si Moises ng pagkain para sa mga Israelita sa disyerto?
-Dahil walang pagkain sa disyerto.

-Nakahanap ba ang mga Israelita ng pagkain para sa kanilang sarili sa disyerto?
-Hindi.

-Bakit hindi nakahanap ng pagkain ang mga Israelita para sa kanilang sarili sa disyerto?
-Dahil walang pagkain sa disyerto.

-Sino ang tangin at nag-i-Isa na nakapagbigay ng pagkain sa mga Israelita sa disyerto?
-Ang Diyos.

-Naniniwala ba ang mga Israelita na bibigyan sila ng Diyos ng pagkain sa disyerto?
-Hindi.

-Sa halip na maniwala sila sa Diyos na bibigyan sila ng pagkain sa disyerto, ano ang ginawa ng mga Israelita?

-Pinuna nila sina Moises at Aaron.

-Narinig ba ng Diyos na pinuna ng mga Israelita sina Moises at Aaron?
-Oo.

-Ano ang sinabi ng Diyos kay Moises?

Basahin natin ang Exodo 16:11-12

11-Ang Panginoon ay nagsalita kay Moises,
12-"Aking narinig ang mga reklamo ng mga anak ni Israel; Sabihin mo sa kanila, 'Pagsapit ng gabi ay kakain kayo ng karne, at kinaumagahan ay magpapakabusog sa tinapay; At inyong makikilala na ako ang Panginoon ninyong Diyos.'"

-Sinabi ng Diyos kay Moises na bibigyan Niya ng pagkain ang mga Israelita.

-Kahit hindi naniniwala ang mga Israelita sa Diyos, sinabi ng Diyos na bibigyan Niya sila ng pagkain.

-Tinutulungan ng Diyos ang mga Israelita kahit na hindi sila naniniwala sa Kanya.

-Bakit tinutulungan ng Diyos ang mga tao kahit hindi sila naniniwala sa Kanya?

-Dahil nilikha ng Diyos ang lahat ng tao.
-Dahil mahal ng Diyos ang lahat ng tao.

-Dahil nais ng Diyos na iligtas ang lahat ng tao.



-Dahil gusto ng Diyos na ang lahat ng tao ay maniwala sa Kanya.

-Kung hindi tayo naniniwala sa Diyos, ililigtas ba tayo ng Diyos?
-Hindi.

-Hinayaan ba ng Diyos na mamatay ang mga Israelita sa gutom?

-Binigyan ba ng Diyos ng pagkain ang mga Israelita?

Basahin natin ang Exodo 16:13a

13- Nang sumapit na ang gabi, ang mga pugo ay umahon at tinakpan ang kampo.

-Ano ang karne na ibinigay ng Diyos sa mga Israelita noong gabing iyon sa disyerto?

-Karne ng pugo.

-Dahil sa napakaraming pugo ay natakpan na nila ang kampo ng mga Israelita.

-Kinabukasan, binigyan ng Diyos ang mga Israelita ng mas maraming pagkain.

Basahin natin ang Exodo 16:13b-15, 31

13-At sa kinaumagahan ay nakalatag sa palibot ng kampo ang hamog.
14-Nang pumaitaas na ang hamog, may nakalatag sa ibabaw ng ilang na munting bagay na bilog at kasinliit ng namuong hamog sa ibabaw ng lupa.

15-Nang makita ito ng mga anak ni Israel ay sinabi nila sa isa't isa, "Ano ito?" Sapagkat hindi nila alam kung ano iyon. At sinabi ni Moises sa kanila, "Ito ang tinapay na ibinigay ng Panginoon sa inyo upang kainin."

31-Iyon ay pinangalanan ng sambahayan ng Israel na manna, at iyon ay tulad ng buto ng kulantro, maputi at ang lasa niyon ay tulad ng manipis na tinapay na may pulot.

-Ano ang pagkaing ibinigay ng Diyos sa mga Israelita kinaumagahan?

-Binigyan ng Diyos ng tinapay ang mga Israelita.
-Ang tinapay ay ipinamahagi sa buong kampo.

-Ano ang tawag ng mga Israelita sa tinapay na ibinaba ng Diyos mula sa langit?
-Manna.

-Tuwing umaga, nagpapadala ang Diyos ng tinapay na magsisilbing hamog mula sa langit upang pakainin ang mga Israelita.

-Ang manna mula sa langit na ibinibigay ng Diyos sa mga Israelita tuwing umaga ay tanda ng biyaya ng Diyos.

-Kahit na sina Adan at Eba ay sumuway sa Diyos, ang Diyos sa Kanyang biyaya ay nangako na ipapadala ang Tagapagligtas upang iligtas tayo.

-Kahit na si Noah at ang kanyang pamilya ay makasalanan, iniligtas sila ng Diyos sa Kanyang biyaya mula sa baha.



-Kahit na ang mga Israelita ay hindi naniniwala sa Diyos, ang Diyos sa Kanyang biyaya ay iniligtas sila mula sa pagkakaalipin sa Ehipto.

-Kahit na hindi naniniwala ang mga Israelita na kaya silang iligtas ng Diyos, binuksan ng Diyos sa Kanyang biyaya ang Dagat na Pula upang makatakas sila kay Faraon at sa kanyang hukbo.

-Ang lahat ng ito ay tanda ng biyaya ng Diyos.

-Sa lahat ng mga taon na ang mga Israelita ay nasa disyerto, binibigyan sila ng Diyos ng manna araw-araw.

Basahin natin ang Exodo 16:35

35-Ang mga anak ni Israel ay kumain ng manna sa loob ng apatnapung taon, hanggang sa sila'y dumating sa lupaing matitirahan. Sila'y kumain ng manna hanggang sa sila'y dumating sa mga hangganan ng lupain ng Canaan.

-Hindi nakalimutan ng Diyos kahit na isang araw na bigyan ang mga Israelita ng manna.

-Laging tinutupad ng Diyos ang Kanyang mga pangako.

-Kahit na binigyan ng Diyos ng pugo at manna ang mga Israelita, muling nagreklamo ang mga Israelita.

Basahin natin ang Exodo 17:1-4

1-Ang buong kapulungan ng mga anak ni Israel ay naglakbay mula sa ilang ng Sin, ayon sa mga lugar na kanilang

nilakbay sa utos ng Panginoon, at nagkampo sa Refidim;  At walang tubig na mainom ang taong-bayan.

2-Kaya't ang taong-bayan ay nakipagtalo kay Moises at nagsabi,  "Bigyan mo kami ng tubig na maiinom."  At sinabi ni Moises sa kanila,  "Bakit kayo nakikipagtalo sa akin?  Bakit ninyo sinusubok ang Panginoon?"

3-Subalit ang taong-bayan ay nauhaw roon at sila ay nagreklamo laban kay Moises at sinabi,  "Bakit mo kami inilabas mula sa Ehipto, upang patayin mo sa uhaw, kami, ang aming mga anak, at ang aming kawan?"

4-Kaya't si Moises ay dumaing sa Panginoon, na nagsasabi, "Anong aking gagawin sa bayang ito?  Kulang na lamang ay batuhin nila ako."

-Bakit nagrereklamo ang mga Israelita?
-Dahil wala silang tubig.

-Bakit walang tubig ang mga Israelita?
-Dahil sila ay nasa disyerto.
-Dahil halos walang tubig sa disyerto.

-Nakahanap ba si Moises ng tubig para sa mga Israelita sa disyerto?
-Hindi.

-Bakit hindi nakahanap si Moises ng tubig para sa mga Israelita sa disyerto?
-Dahil halos walang tubig sa disyerto.

-Nakahanap ba ang mga Israelita ng tubig para sa kanilang sarili sa disyerto?
-Hindi.



-Bakit hindi nakahanap ng tubig ang mga Israelita para sa kanilang sarili sa disyerto?

-Dahil halos walang tubig sa disyerto.

-Sino ang tangi at nag-i-Isa na nakapagbigay ng tubig sa mga Israelita sa disyerto?
-Ang Diyos.

-Naniwala ba ang mga Israelita sa Diyos na bibigyan sila ng tubig sa disyerto?
-Hindi.

-Sa halip na maniwala sa Diyos na bibigyan sila ng tubig sa disyerto, ano ang ginawa ng mga Israelita?
-Pinuna nila sina Moises at Aaron.

-Narinig ba ng Diyos na pinuna ng mga Israelita sina Moises at Aaron?
-Oo.
-Hinayaan ba ng Diyos na mamatay ang mga Israelita sa uhaw?

-Ano ang sinabi ng Diyos kay Moises?

Basahin natin ang Exodo 17:5-6a

5-Sinabi ng Panginoon kay Moises,  "Dumaan ka sa harap ng taong-bayan, at isama mo ang matatanda ng Israel;  At dalhin mo ang tungkod na iyong ipinalo sa ilog, at humayo ka.

6-Ako'y tatayo sa harap mo roon sa ibabaw ng bato sa Horeb;  At iyong hahampasin ang bato, at bubukalan ito ng tubig, upang ang bayan ay makainom."

-Ano ang sinabi ng Diyos kay Moises na gawin upang makakuha ng tubig?

-Inutusan ng Diyos si Moises na hampasin ang isang bato gamit ang kanyang tungkod.

-Kung sinunod ni Moises ang Diyos, bibigyan ng Diyos ang mga Israelita ng tubig mula sa bato.

-Sino lamang ang nakapagbigay sa mga Israelita ng tubig mula sa isang bato?
-Ang Diyos.

-Sinunod ba ni Moises ang Diyos?

Basahin natin ang Exodo 17:6b

6-At gayon ang ginawa ni Moises sa paningin ng matatanda sa Israel.

-Sinunod ni Moises ang Diyos.

-Hinampas ni Moises ang bato ng kanyang tungkod gaya ng sinabi ng Diyos sa kanya.

-Dahil si Moses ay sumunod sa Diyos, binigyan ng Diyos ng tubig ang mga Israelita.

-Kapag sumunod tayo sa Diyos, ililigtas tayo ng Diyos.
-Kapag sumuway tayo sa Diyos, hindi tayo ililigtas ng Diyos.

-Dapat nating sundin ang Diyos ayon sa paraan Niya.



-Hindi natin masusunod ang Diyos sa pamamagitan ng ating sariling pamamaraan.

-Kung gagawa tayo sa ating sariling kaparaanan, hindi tayo ililigtas ng Diyos.

-Ililigtas lamang tayo ng Diyos kung gagawa tayo sa pamamaraan ng Diyos.

-Sino lamang ang makapagliligtas sa atin mula sa kapangyarihan ng kasalanan?

-Tanging ang Diyos.

-Sino lamang ang makapagliligtas sa atin mula sa kapangyarihan ng kamatayan?
-Tanging ang Diyos.

-Sino lamang ang makapagliligtas sa atin mula sa kapangyarihan ni Satanas?
-Tanging ang Diyos.

-Iniligtas ba ng Diyos ang mga Israelita ayon sa paraan ng kanilang pagpapasya?
-Hindi.

-Paano iniligtas ng Diyos ang mga Israelita?
-Ayon sa kapaparaanan na ipinasiya ng Diyos.

-Paano inililigtas ng Diyos ang lahat ng tao?
-Ayon sa kaparaanan ng pagpapasya ng Diyos.